

Chapter 6

Pag-aasawa at Pananalapi

Hindi maiiwasan talakayin ang usapin ng pag-aasawa sa bahaging ito. Matapos ang pagpili ng ating career, pag-aasawa at pagpapamilya ang susunod na malaki at mahalagang desisyon ang gagawin natin.

Ang ating magiging katuwang sa buhay ay may gagampanang mahalagang papel sa pagtagumpay natin sa ating propesyon at, higit pa, sa pagkakamit natin ng financial freedom.

Babala: Ang hindi napaghandaang pag-aasawa ay maaaring makadiskaril sa anumang plano natin at tuluyang tayong mabigong marating ang ating goal.

Ang masaklap, baka wala na nga tayong pera dahil inuubos na ni misis, maaaring pang hindi tayo masaya kalaunan sa ating buhay may-asawa dahil sa maagang pag-aasawa.

A. Pag-aasawa

Maraming marino ang hiwalay sa asawa o may ibang asawa bukod sa pinakasalan. Akala natin wala itong idinudulot na problema kahit pa sabihing hindi ito nakakaapekto sa trabaho natin sa barko.



Maraming pag-aaral ang nagsasabing may di-mabuting epeko sa mga anak kung hiwalay o magulo ang pagsasama ng magulang.

Marami sa mga anak ang naliligaw ng landas kasama ito sa tinatawag na social cost ng pagiging malayo ng ama o ina sa mga bata sa matagal-tagal na panahon.

Kahit pa malaki ang ating kita, hindi nito mapupunuan ang lahat ng pangangailangan ng ating asawa at mga anak. Ano ang halaga ng yaman kung mala-impiyerno naman ang ating buhay may-asawa?

Kaya marapat lang na isipin ng sampung ulit ang pagpasok sa buhay may-asawa lalo na sa pagpili ng magiging partner sa habambuhay.

Kung hindi pa nag-aasawa, makatutulong ang sumusunod na tips:

1. Piliin ang nakakaunawa at kasundo natin sa mga mithiin sa buhay.
2. Matapat
3. Marunong humawak ng pera.
4. Housewife material. Kahit may hiwalay na career, may nalalaman at responsible sa mga gawaing pantahanan. Kung husband naman, dapat good provider ng pangangailangan ng pamilya.
5. Magkatulad ang ating pananampalataya.

Makakatulong rin ang mga babasahin kaugnay ng paghahanda sa pag-aasawa; maaari ring sumali sa pre-marriage counseling program na isinasagawa ng mga iba't ibang grupo.

Maaaring mag-asawa at magpamilya sa huling bahagi ng unang 10 taon nating pagbabarko. Puwedeng ipagpaliban muna ang pagbukod hanggang hindi nakakaipon para bumukod o makapagpundar ng bahay at lupa.

Tandaan, walang makapagsasabi kung magtatagumpay o hindi ang ating buhay may-asawa, kundi tayo at ating kapartner lang sa tulong na rin ng ating pananampalataya.

B. Pagpaplanong pinansyal

Usaping pera ang isa sa madalas na kahinaan nating mga marino. Pagtanggap natin ng ating pera, marami sa atin ang hindi mapigilan ang gumastos kapag nasa puerto tayo, kadalasan sa mga hindi importanteng bagay.

Kaya nauubos ang kita natin nang hindi natin alam kung saan napupunta. Kailangang maiwasto ang ganitong nakagawian ng marami sa atin.

Malaking tulong sa usaping ito ang natalakay na natin sa nakaraang chapter hinggil sa wastong pagbabadyet.

Dagdag dito, mahalaga rin na sa simula pa lang ng ating pagbabarko, maging financially literate na tayo para sa pagpaplanong ating pananalapi.

Masasabing financially literate ang isang tao kung alam niya at naiintindihan ang kanyang pangangailangan at mga gusto at kung paano niya matutustusan ang mga ito sa hinaharap, ayon kay G. Francisco Colayco Ph.D., sumulat ng *Wealth Within Your Reach/ Pera Mo, Palaguin Mo!*, kailangang financially literate tayo. Ito ang unang hakbang para makamit ang goal nating financial independence o ang yugto kung kailan natutustusan na natin ang ating mga pangangailangan at gusto nang hindi na umaasa sa ating suweldo.

Para maabot ito, kailangang nakaplano ang mga dapat nating gawin. May 3 na yugto tayong dapat daanan para makamit ang ating financial freedom:

- 1) **Start-up stage**, galing lahat sa suweldo natin ang pantustos sa ating pangangailangan at gusto;
- 2) **Build-up stage**, natutustusan na natin ang ating pangangailangan mula sa bahagi ng ating suweldo at kita mula sa ating savings o investment; at
- 3) **Retirement stage**, natutugunan na ng ating passive income ang ating pangangailangan at gusto.

Makikita na ang 3 yugtong ito patungo sa ating financial freedom ay tumutugma rin sa 3 yugto sa ating buhay marino – pagsisimula ng sakay, pagiging opisyal at pagreretiro.

Kailangan maiplano na natin sa lalong madaling panahon kung paano natin palalaking ang ating passive income.

Sa usaping ito, malaki ang maitutulong ng **ISP at ISP Multipurpose Cooperative** sa atin.

Ang Integrated Seafarers of the Philippines o ISP ay samahan ng mga retirado at aktibong marino na naglalayong kumatawan sa interes ng marinong Filipino sa mga lokal at internasyonal na porum na inorganisa ng pamahalaan o pribadong sektor.

Nais rin nitong makatulong upang magkaroon ang bansa ng mga dekalidad na marino, world class na maritime education and training at maayos na certification nating mga marino.



Hangarin ng ISP na makatulong sa mga marino na makamit ang kanilang financial independence sa pamamagitan ng pagdaraos ng mga seminar on financial literacy, livelihood at business opportunities, financial management at iba pa.

At handa itong tumulong sa reintegration sa lipunan ng mga marinong tumigil na sa pagbabarko sa pamamagitan ng trabaho sa lupa o pagnenegosyo.

Kamakailan lang, ang ISP, sa pangunguna ng pangulo nito na si Capt. Gaudencio “Jess” Morales, at National Reintegration Center for OFWs ng Department of Labor and Employment para magtulungan sa pagpapatupad ng reintegration program sa mga seaman.

Bukod sa mga seminar na regular na idinadaos sa opisina ng ISP, nagtayo rin ang asosasyon ng ISP Multipurpose Cooperative upang matulungan ang mga member nito na nais magnegosyo na makakuha ng kailangang puhunan.

Tinatanggap na member ng ISP Multipurpose Cooperative hindi lang marino at pamilya natin kundi pati sinumang nasa negosyong may kaugnayan sa industriya ng maritima. Kailangan lang magbayad ng membership fee at maglagak ng share capital na minimum na P12,500 hanggang P50,000 para makautang.

C. Pamumuhunan

Kung ang hangad natin ay financial independence, hindi maiiwasan ang pamumuhunan o investment o pagnenegosyo upang magkaroon ng alternatibong pinagkukunan ng kita bukod sa suweldo.

Maaaring magsimula ang pagpasok natin sa anumang negosyo sa huling bahagi pa ng unang 10 taon ng ating pagbabarko kung kalian may sapat na tayong ipon.

Gayunpaman, mainam na pag-aralan na natin kung anong investment o negosyo ang napupusuan nating pasukin. May hiwalay na pagtalakay sa pamumuhunan at pagnenegosyo sa Part II ang ating Handbook.